
# Kinakailangang malaman tungkol sa TB

☆Sa pagiging malayo sa iyong sariling bansa ay nagdudulot ng stress dahil sa pagbabago ng kapaligiran at wika.
Bumababa ang resistensya kapag nakakaranas ng stress.Ang mababang resistensya ay nagdaragdag ng panganib na magkaroon ng tuberculosis.Huwag abusuhin ang sarili  Huwag mag atubili na kumunsulta sa tauhan ng Management Organization o training center staff kapag masama ang pakiramdam.

## Ang kalagayan ng mga pasyente ng TB mula sa ibang bansa.




### ✓Karamihan ay galing sa bansa ng Asya

Ang Timog Silangang Asya ay isang napakalawak na rehiyon na may 100 hanggang 300 kaso ng tuberculosis bawat 100,000 katao.

### ✓karaniwan sa mga kabataan

Sa mga bagong rehistradong dayuhang pasyente ng tuberculosis, humigit-kumulang **50**% ay nasa pagitan ng **20 at 29** taong gulang, mas laganap ito sa mga kabataan!

### ✓Ang sintomas ay madalas nagsisimula sa loob ng ilang taon pagkatapos makapasok sa bansa.

Sa kabataang wala pang 20 taong gulang,higit sa kalahati ang nagkakasakit sa loob ng 5 taon pagkapasok sa Japan

Pagkatapos makapasok sa Japan, siguraduhing magkaroon ng regular health check up!
Ang maagang pagtuklas at paggamot ay magbibigay-daan sa iyo na magpatuloy sa pagtatrabaho sa Japan.

## Ang tuberculosis ay…

### impeksyon

Ang tuberculosis bacteria ay pumapasok sa mga baga at tumatagal ang pananatili sa katawan.
Hindi maililipat sa ibang tao

≠

### pagsisimula ng sakit

Isang kondisyon kung saan lumitaw ang mga abnormalidad o sintomas sa baga dahil sa tuberculosis bacteria
Maaaring gumaling sa tamang gamutan

【Pangunahing sintomas】



ubo/plema



sinat

pagkapagod



walang ganang kumain

【Iba pang sintomas】Sa ngayon,Pinagpapawisan sa gabi, pagbagsak ng timbang at iba pa

◎Ang mga pangunahing sintomas ay kahawig ng trangkaso gaya ng nakasulat sa taas ,Ang katangian nito ay tumatagal ang sintomas ng mahabang panahon
Kumunsulta sa Management Organization o sa Training center staff kapag ang sintomas ay umabot ng mahigit sa 2 linggo.



Ang TB ay isang sakit na maaaring gumaling sa pamamagitan ng pag- inom ng gamot

## Ang tungkol sa paggamot

◎Kapag ikaw ay nasuri na may tuberculosis,Iinom ng iba't ibang klase ng gamot sa loob ng 6 hanggang 8 buwan
※Maaring tumagal ito depende sa sintomas at pagsulong ng sakit
◎Mahalaga na ipagpatuloy ang pag inom ng gamot hanggang matapos ang gamutan

## Tungkol sa sistema

◎Tungkol sa mga gastos sa paggamot sa tuberculosis, ang pambansa at lokal na pamahalaan ay nagbibigay ng mga subsidy o pinansyal na tulong mula sa gobyerno para sa mga gastos sa pagpapagamot sa ilalim ng Infectious Disease Control Law
◎Kung kinakailangan ay maaaring magpatawag ng interpreter kapag nahihirapan ipaliwanag sa Japanese.

## Tungkol sa pagpuksa

①tamang pag-eehersisyo ②kasapatan sa pagtulog ③balanseng pagkain ④hindi paninigarilyo ⑤ Magpamedical examination sa iyong pinagtatrabahuhan (kabilang ang chest X-ray)

**☆Ang pagtuklas ng maaga / maagang pagpacheck up ay mahalaga.**
**☆Maaari pumasok sa trabaho o paaralan habang umiinom ng gamot kung ito ay walang potensyal na magkalat ng impeksyon!**
**☆Ang Public Health Center ay magbibigay ng suporta sa oras na ikaw ay madiagnose ng tuberculosis!**



引用:結核予防会
大阪府泉佐野保健所作成